# Tayo ay ang kahuli-hulihan sa mga kalipunan at ang kauna-unahan sa tutuusin

Ayon sa Anak ni `Abbās (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): {Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: Tayo ay ang kahuli-hulihan sa mga kalipunan at ang kauna-unahan sa tutuusin. Sasabihin: "Nasaan ang Kalipunang iliterato at ang Propeta nito?" Kaya tayo ang mga kahuli-hulihan at ang mga kauna-unahan.}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Ibnu Mājah]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang Kalipunan niya ay ang kahuli-hulihan sa mga kalipunan sa pag-iral at sa panahon at ang kauna-unahan sa mga kalipunan na tutuusin sa Araw ng Pagbangon. Sasabihin sa Araw ng Pagbangon: "Nasaan ang Kalipunang iliterato at ang Propeta nito?" Ito ay bilang pag-uugnay sa pagkailiterato ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) dahil sa hindi pagkaalam ng pagbasa at pagsulat. Tatawagin sila para sa pagtutuos, una sa lahat, sapagkat tayo ang mga kahuli-hulihan sa panahon at pag-iral at ang mga kauna-unahan sa pagtutuos sa Araw ng Pagbangon sa pagpasok sa Paraiso.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee